Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-22 NG AGOSTO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 140-2019

ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGBATI AT PAGKILALA ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KGG. NOEL G. PINEDA AT ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD, KGG. GILBERT T. GATCHALIAN SA DELEGASYON NG BARANGAY SUMAPANG MATANDA NANG SILA AY MAGWAGI NG BEST IN BUSTED HOSE CONNECTION (BARANGAY CATEGORY) SA KATATAPOS LAMANG NA 4$^{TH}$ PROVINCIAL FIRE OLYMPICS 2019.

AKDA NI: KGG. ENRICO C. CAPULE
KAMAY-AKDA: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS

SAPAGKAT, noong ika-16 ng Agosto, taong kasalukuyan, ay binigyan ng karangalan ang ating mahal na Lungsod ng delegasyon ng Sumapang Matanda nang sila ay magwagi ng *Best in Busted Hose Connection (Barangay Category)* sa 4$^{th}$ Provincial Fire Olympics 2019, na ginanap sa Bulacan Sports Complex, City of Malolos, Bulacan;

SAPAGKAT, ang Provincial Fire Olympics, na isinasagawa ng Pamahalaang Panlalawigan, ay naglalayon na ikintal sa publiko ang pagiging handa sa mga natural na mga panganib at makapagpalaganap ng impormasyon at mga hakbangin upang pagaanin ang masamang epekto nito;

SAPAGKAT, ang Provincial Fire Olympics, ay nilahukan ng mga delegasyon mula sa iba't ibang bayan at lungsod, pati na rin ng iba't ibang kompanya na nasa Lalawigan ng Bulacan;

SAPAGKAT, kinakailangan ng tiyaga, dedikasyon at ang angking husay upang sila ay kilalanin at magtagumpay sa nabanggit na paligsahan at dahil dito ay kanilang naipakita ang tatak ng isang maabilidad at huwarang Malolenyo;

SAPAGKAT, sa pangunguna at paggabay na rin ng Malolos Bureau of Fire Protection ay naipakita nila ang mahusay na kakayanan sa pagsasagawa ng mga mabilisang pagresponde o gawain kapag may natural na mga panganib;

SAPAGKAT, isa sa layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ang pagtataguyod ng pag-unlad o' kalinangan sa larangang kinabibilangan, pagtulong sa ikauunlad at paghikayat na umasa sa sariling siyentipiko at teknolohikal na kakayanan ang bawat mamamayan, kaya't nararapat lamang na mabigyan ng pagkilala ang katangi-tanging dedikasyon at kontribusyon na kanilang ibinahagi;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

Kung kaya't sa magalang na mungkahi ni Kgg. Enrico C. Capule na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASYA, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na ipinapahayag ang taos-pusong pagbati at pagkilala ang bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod, Kgg. Noel G. Pineda at ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod, Kgg. Gilbert T. Gatchalian sa delegasyon ng Barangay Sumapang Matanda nang sila ay magwagi ng *Best in Busted Hose Connection (Barangay Category)* sa katatapos lamang na 4th Provincial Fire Olympics 2019.

PINAGTIBAY.

| | |
|---|---|
| ****KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. ENRICO C. CAPULE**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
** wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod

DhorieTrogo(SDC2)*082319